# Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap, at magbalita kayo ng nakalulugod at huwag kayong magpalayo ng damdamin.

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allah sa kanya: "Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap, at magbalita kayo ng nakalulugod at huwag kayong magpalayo ng damdamin."
[Tumpak.] [Napagkaisahan ang katumpakan.]

Ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, noon ay ibig ang pagpapagaan at ang kadalian sa mga tao. Kapag pinapili siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, sa pagitan ng dalawang bagay, pinipili niya ang pinakamadali sa dalawang ito hanggat ito ay hindi naman ipinagbabawal. Ang sabi niyang "Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap" ay nangangahulugang sa lahat ng mga kalagayan. Ang sabi niyang "at magbalita kayo ng nakalulugod at huwag kayong magpalayo ng damdamin." Ang nakalulugod na balita ay ang bagpapabatid ng kabutihan, na salungat sa pagpapalayo ng damdamin. Bahagi ng pagpapalayo ng damdamin ang pagpapabatid ng kasagwaan at kasamaan.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee